

# TALBOS NG KAMOTE

Ang talbos ng kamote ay mayaman sa *Carbohydrates, Carotene, Polyphenolic Anti-oxidants*, bitamina *A* at *C, Calcium, Iron* at *Phosphorous.*

## PANGANGAILANGAN NG LUPA AT KLIMA

Mainam itanim ito sa lupa na mayroong mabuhangin, buhaghag at mataba sa organikong material na may pH na 5.5-6.8. Naitatanim ang kamoteng baging sa anumang buwan ng taon, ngunit ito ay mas mainam na itanim sa simula ng tag-araw. Angkop itong itanim sa temperature na 21-29°C.

## PAGPILI NG BINHI

Inirerekomenda na gumamit ng binhing angkop sa kondisyon ng lugar, may mataas na ani at pangangailangan sa pamilihan, at may panlaban sa mga sakit at peste.

## PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN AT PAGPUPUNLA

Gumamit ng buhaghag na lupa sa pagtatanim ng kamoteng baging. Pumutol ng baging ng kamote na may haba na 30-40cm at mayroong halos 8 na dahon o buko.

Ihanda ang pananim na gagamitin, maaring ilagay ang mga ito sa mamasa-masang tela sa may lilim na lugar ng ilang araw bago itanim upang magsimulang tubuan ng ugat. Itanim ito sa lupa ng pahilis o sa angulong 45° sa pagitan ng 30cm. Kung ang lupa ay may sukat na $100m^2$, ito ay nangangailangan ng 330 na pinagputulan o cuttings.

## PANGANGALAGA

Mainam na maglagay ng binulok na dumi ng hayop. Tiyaking diligan ang taniman. Mas kaunting tubig ang kailangan ng kamoteng baging habang ito ay bata pa at kapag malapit ng anihin ang bunga nito. Tanggalan din ng damo ang taniman.

## PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE

Ang mga karaniwang peste ng kamote ay bukbok, uod ng uwang, at puting uok. Upang makontrol ang bukbok, takpan ng lupa ang paanan ng mga halaman upang hindi maabot ng mga bukbok ang ugat. Inirerekomenda rin na sirain ang naiwang halaman pagkatapos ito anihin at magtanim ng ibang klaseng halaman sa susunod na taniman.


*Photos used are not ours. Credit to the rightful owners.*

Ito'y hango sa ginawang babasahin ng Department of Agriculture—Agricultural Training Institute.
Inihanda ng Provincial Government of Camarines Norte sa
pamamagitan ng Office of the Provincial Agriculturist.
Provincial Capitol Building, Daet, Camarines Norte
Tel. No.: (054) 721-0291
Email: opagcamnorte@yahoo.com / opagcamsnorte@gmail.com
Facebook: OPAg Camarines Norte
Website: https://opagcamnorte.com